

# Ang Inang Bibe At Ang Limang Sisiw

Namasyal ang inahing bibe kasama ang limang sisiw.

Nagpunta sila sa ilog.

Lumangoy-langoy sila rito.

Masayang-masaya sila.



# Nagbakasyon

Nagbakasyon ang mag-anak.
Nagpunta sila sa Baguio.
Sumakay sila sa bus.
Limang araw sila roon.
Sumakay sila muli sa bus sa pag-uwi.



# Kaarawan ng Nanay

Kaarawan ng Nanay.
Naglinis ng bahay ang kuya.
Nag-ayos ng mesa ang Ate.
Nagluto ng pagkain ang Tatay.
Ginulat nila ang Nanay.



# Ang Alaga Ni Enteng

May alagang inahing manok si Enteng.

Mayroon itong pitong sisiw. " Siyap, Siyap!" ang sabi nila.

Ang ibig sabihin,
" Ibig naming ng butil."



# Ang Tuta Ni Eric

Magkaibign sina Eric at Bong.

Kaarawan ni Eric.

Binigyan siya ni Bong ng tuta.

Malago at itim ang balahibo nito.

"Aw, Aw!" ang sabi nito kay Eric.

1, 2, 3, 4, 5
6, 7, 8, 9 10


## Mga Bilang

Isa, dalawa
Tatlo, apat
Lima, anim
Pito, walo
Siyam, sampu!



## Ang Kartero

Masipag si Mang
Boni.
Isa siyang kartero.
Nagdadala siya ng
mga sulat.
Nagpupunta siya sa
bahay-bahay.
Laging pagod si Mang
Boni.
Ngunit masaya pa rin



**Ako Ay Kabayo**

Kaibigan ninyo ako.
Mabilis akong
tumakbo.
Kalesa ang hila-hila
ko.
Pagkain ko'y
laging damo.



# Maghulaan Tayo

May isang bulaklak.
Wala itong bango.
Pula ang kulay nito.
Anong bulaklak ang
Tinutukoy ko?



# Ang Aking Alaga

Ako ay may alaga.
Masipag manghuli
ng daga.
Binibigyan ko siya ng
isda.
Siya ang mahal
kong pusa.



# Umaga Na!

Madilim-dilim pa.
" Tiktilaok!" ang sabi
ng manok.
Nagising si Aling
Lina.
Tumayo siya at
pumunta sa kusina.




## Ang Ibon

Nakakalipad ang ibon.
May pakpak at
buntot ito.
Magaan at hugis-
bangka ang katawan
nito.
Nababalot ang ibon
ng balahibo.



# Si Olet

Pitong taon na si
Olet.
Nag-aaral na siya.
Nasa unang
baitang na siya.
Si Bb. Santos ang
kanyang guro.




# Gatas at Itlog

Mabuti sa katawan
ang gatas.
Mabuti sa katawan
ang itlog.
Nagpapalakas ang
gatas at itlog.
Nakapagpapalusog
ang mga ito.



# Ang Pasko

Malapit na ang pasko.
Gumawa ng parol ang Tatay.
Isinabit niya ito sa bintana.
Inayos ng Nanay ang Christmas Tree.
Nilagyan niya ito ng palamuti.



# Ang Alaga Ni Rene

May alagang loro si Rene.
Periking ang pangalan nito.
Nakapagsasalita ang loro ni Rene.
Nasasabi nito ang " Kumusta Ka" at Salamat po".



## Tumbampreso

Maiingay ang mga bata.
Naglalaro sila.
Tumbampreso ang kanilang laro.
May mga pamato sila.
Itinutumba nila ang mga lata.



## Ang Lola

Matanda na si Lola.
Maputi na ang
kanyang buhok.
Kulubot na ang
kanyang balat.
Ngunit malakas pa
siya.
Inaalagaan niya kami.



## Marumi Si Neneng

Ang dumi-dumi ni
Neneng
Pinaliguan siya ng
Nanay.
Binihisan siya ng damit
na panlaro.
Sinuklayan siya.
Nilagyan siya ng laso sa
buhok.
Maganda na si Neneng.



# Ang Sinigang Ng Nanay

Nagluto ng sinigang si
Nanay.
Bangus ang kanyang
isinigang.
Kamyas at kamatis ang
ginamit niyang
pang-asim.
Kangkong, talong at sitaw
Ang inilahok niyang
gulay.



## Ang Bangka Ni Romy

Kumuha ng isang
malaking pirasong
papel si Romy.
Nilupi-lupi niya ito.
Nakagawa siya ng isang
bangka.
Pinalutang niya ito sa
tubig.



## Ang Malusog Na Bata

Malusog na bata si Cindy.
Umiinom siya ng gatas.
Kumakain siya ng itlog at gulay.
Masigla kung kumilos si Cindy.
Paano ay malusog ang kanyang katawan.





# Pista Ng Bayan

Pista ng bayan.
May palamuti ang kalsada.
May musikong lumiligid.
Maraming bisita ang dumarating.
Masasarap ang mga pagkain.



## Ang Araw

Tingnan mo ang araw.
Nakakasilaw!
Kailangan ng halaman ang init nito.
Kailangan din ito ng hayop.
Kailangan ito ng lahat.




# Ang Mag-aaral

Binuksan ni Arding ang kanyang bag.

Kumuha siya ng kwaderno.

Kumuha siya ng lapis.

Binuklat niya ang isang aklat.



## Ang Batang Sakitin

Sakitin si Maring.
Wala siyang ganang kumain.
Ibig niya ng masarap na ulam.
Ibin niya ng karne at isda.
Ayaw niya ng gulay.



## Ang Santol

Nakakain ka na ba ng santol?


Ito ay isang prutas.

May santol na matamis.

May santol na maasim.

Lima ang buto nito.

Hindi ito nilulunok.



## Ako Ay Kabayo

Kaibigan ninyo ako.
Mabilis akong
tumakbo.
Kalesa ang hila-hila
ko.
Pagkain ko'y
laging damo.




# Si Nene

Malikot si Nene.
Kinuha niya ang gunting.
Kinuha niya ang aklat ni Kuya.
Ginupit-gupit niya ito.
Nakita siya ng Nanay.
Nagalit ang Nanay.



# Ang Alaga Ni Mario

May alaga si Mario.
Matabang-mataba na ito
Malapit na niya itong ipagbili.
"Oink, oink,"
Malungkot na sa sabi nito.



# Masayang Kaarawan

Kaarawan ni Lilia.
Masasarap ang kanyang handa.
May malaking cake, sorbetes at pansit.
Masayang-masaya si Lilia.
Masayang-masaya rin ang kanyang mga kaibigan.



## Ang Uniporme

Papasok na sa
paaralan si Minda.
Nagsuot siya ng
uniporme.
Puti ang kanyang
blusa.
Asul ang kanyang
palda.
Itim ang kanyang
sapatos.



## Ang Ating Bandila

Hayun ang ating
bandila.
Puti, dilaw, bughaw
at pula.
Tingnan mo ang
bandila.
Sagisag ng ating
bansa.



## Ang Bakasyon

Malapit na ang bakasyon.

Masasaya ang mga bata.

Maglalaro sila.

Pinakahihintay nila ang bakasyon.



## Batang Malinis

Laging malinis si Lani.
Malinis ang kanyang damit.
Malinis ang kanyang kamay.
Malinis ang kanyang gamit.




## Si Cita

Nasa halamanan si
Cita.
Namimitas siya ng
mga rosas.
Ilalagay niya ito sa
plorera.
Iaalay niya ito sa
Birhen.



## Tuwing Linggo

Linggo na naman.
Bihis na bihis ang Nanay at Tatay.
Bihis na bihis si Linda at Manoling.
Pupunta sila sa simbahan.
Mamamasyal sila pagkasimba.



## Ang Saranggola

Gumawa ng laruan
ang kuya.
Gumawa siya ng
saranggola.
Kawayan ang
kanyang ginamit.
Binalutan niya ito ng
manipis na papel.
Tinalian niya ito ng pisi.



## Ang Manika Ni Dulce

May bagong manika
si Dulce.

Rosas ang kulay ng
damit ng manika.

Mahaba ang itim na
buhok nito.

Nakalalakad din ito
kapag inaakay.



## Ako Ay Aso

Ako ang
nagbabantay sa
bahay.
Kagalit ko ang
pusa.
Tinatahulan ko ito.
Hinahabol ko ito.